# Planning Vancouver Together

# Buod ng Report "Siyasatin ang Kinabukasan"

## Pambungad

- Ang dokumentong ito ay nagbubuod ng *Vancouver Plan* "***Siyasatin ang Kinabukasan***" report, na bumabalangkas sa lumalabas na indikasyon ng pagbabago. Tinutulungan nitong alamin ang ***Scenario Planning*** at ang ***Foresight*** *Methodology* – na ginagamit ng Lungsod ng Vancouver upang tuklasin ang iba-ibang posibleng kinabukasan na haharapin ng ating Lungsod sa paglunsad ng *Vancouver Plan* – ang pangkalahatang proseso ng pagpaplano.
- Ang "***Siyasatin ang Kinabukasan***" report ay nilikha mula sa malawakang pagbabasa at pagtatasa ng literatura, mga interbiyu na ginanap noong Spring 2020 sa mga kalahok sa iba't-ibang sector, kasama na rin ang transportasyon, pamamahalang panglunsod, pilantropiya, sining at kultural, edukasyon, pananalapi, pangangalakal, pangkalusugan, katatagan, pananatilin ng sistemang pangkalikasan, pagkakapantay-pantay sa lipunan, at and sector ng pang-negosyo.
- Ang nilalaman nitong report ay ibabahagi sa malawak na mga taong makikinabang dito. Magsisilbi itong input sa susunod na antas ng proyekto na siyang magpapaunlad ng iba't-ibang possibleng mangyari sa hinaharap na magbibigay kaalaman sa mga patakaran at desisyon para sa *Vancouver Plan.*
- Tingnan ang **Talaan ng Konsepto** (Glossary) sa ibaba para sa karagdagang pagpapaliwanag.

## Mga Tagapagtulak ng Pagbabago

- Ang mga tagapagdulot ng pagbabago ay ang mga mababagal, banayad-kilos, at malalalim na pwersang humuhubog sa mga pangdaigdigan at lokal na kalagayang nagagapanap sa pangmatagalang panahon.
- Kabilang sa mga pangunahing tagapagdulot ng pagbabago na makakaapekto sa hinaharap ng Vancover ay ang mga sumusunod: Pagbabago sa pagdagsa ng iba't-ibang populasyon, Pakikipagkasunduan sa mga Katutubong First Nations, mga nakakahawang sakit, pangdaigdigang paglaganap ng mga lungsod, mabilisang pag-unlad ng teknolohiya, paggamit ng makinarya, panganib sa paglindo, at ang krisis ng klima.

## Pagbabago at mga Tagapagpahiwatig o Indikasyon

- Tanda ng pagbabago ang paglilipat ng direksyon mula sa isang katayuan papunta sa ibang katayuan. Ang bawat isang Pagbabagong ipapaliwanag sa ibaba ay sinusuportahan ng apat na Indikasyon na nagbibigay halimbawa sa mga isyung hinaharap ng Vancouver.

# Pagbabago 1 - Sino tayo sa pagbabagong ito?

Sinisiyasat kung paano tayo magbabago bilang mga indibidwal.

**1) Tagapagpahiwatig: Paglago sa Kalusugan**

Ang pagpapahusay ng genetika at mga naisusuot na aparato ay magbibigay daan sa mga tao na mapangibabawan ang limitasyong pisikal at pagbibigay-malay. Ang di pantay na pamamahagi ng mga benepisyo sa kalusugan sa buong populasyon ay isang problema. Maging ang etikal na pagsasaalang-alang sa privacy, pagmamay-ari ng datos at personal na ahensya ay matitingkad na isyu na lalabas.

**2) Tagapagpahiwatig: Kalusugang Pangkaisipan**

Ang mga Indibidwal ay humaharap sa mga pabigat sa kalusugang pangkaisipan na karagdagang naapektuhan ng maingay at masikip na mga kapaligiran sa pamumuhay; mga kalamidad sa kapaligiran na naranasan sa loob at labas ng bansa; ang marahas na mga pag-atake sa mga inosenteng biktima sa pamamaril; ang kawalan ng kasiguruhan sa pagkain at ang migrasyon; at, negatibong pagposturang pampulitika. Ito ay may partikular na pag-aalala sa mga nakaranas ng mga nakaraang trauma.

**3) Tagapagpahiwatig:**
**Inilapat na Artipisyal na Katalinuhan (AI)**

Lumilikha ang AI ng mga kapani-paniwalang mga “artipisyal na mga tao” para magamit sa malawak na mga aplikasyon. Ginagawa nitong lalong mahirap na mapatunayan ang impormasyon at binubuksan ang posibilidad ng manipulasyon ng nilalaman.

**4) Tagapagpahiwatig: Katarungan / Kawalan ng Katarungan at Pagkakapantay-Pantay**

Patuloy ang sistematikong rasismo sa kabila ng demograpikong pagbabago sa Vancouver patungo sa populasyon na nangingibabaw ang maraming kultura at mga lahi—pinatitingkad nito ang pangangailangan para sa mga gumagawa ng desisyon na sumasalamin sa pangkalahatang populasyon sa mga gawain sa munisipyo. Ang mga pang-ekonomiyang desisyon ng mga First Nations sa pamamagitan ng debelopment sa lupa ay makakapagimpluwensiya sa mga merkado at panlipunang kinalabasan.

# Pagbabago 2: Ano ang gagawin natin?

Sinisiyasat kung paano magbabago ang ating interaksyon sa iba.

**1) Tagapahiwatig: Sining at Kultura**

Ang livestreaming ng mga arte sa pagtatanghal ay nagiging pangkaraniwan, mula sa malalaking badyet na produksyon hanggang sa mga indibidwal na gumagawa ng brodkast mula sa kanilang mga tahanan. Ang madla na di makapaglakbay o may mga espesyal na pangangailangan ay maaaring lalong mapahusay ang kanilang mga karanasan. Maaaring mabawasan ang kita ng mga artista mula sa “touring” o paglilibot.

**2) Tagapahiwatig: Trabaho**

Ang pagkakaroon ng automation at digitization ay pangunahing binabago ang mga lugar ng paggawa, pinapalitan ang mga trabahong mababa ang kasanayan at panimulang entrada sa mga sektor ng pagmamanupaktura, transportasyon, serbisyo, at gawaing administrasyon. Kritikal ang pagkakaroon ng mga oportunidad sa habambuhay na pag-aaral para suportahan ang patuloy na nagbabagong lakas paggawa.

**3) Tagapagpahiwatig: Edukasyon**

Ang online na pag-aaral ay nagiging isang pamantayang bahagi sa lahat ng antas ng edukasyon, na kung saan ang mga pamilya ay tinutulak na tiyakin ang pagkakaroon ng sapat na espasyo at kagamitan para makapagtrabaho sa digital at pagkakaroon ng mga plano sa data para matiyak na marami ang makakagamit sa mga serbisiyo nang malayuan. Para sa mga unibersidad, ng online na pag-aaral at pinabuting mga digital na karanasan ay maaaring ilayo ang mga mag-aaral sa mga kampus at mag-alok ng mga alternatibong pamamaraan sa pag-aaral.

**4) Tagapagpahiwatig: Pagkain**

Ang pagkain ay patuloy sa pagiging isang kritikal na elemento ng mga inisyatibang Luntiang Lungsod ng Vancouver, na may mga makabagong pamamaraan para bawasan ang epekto sa kapaligiran. Ang kawalan ng seguridad sa pagkain ay isang produkto ng kahirapan at konektado ito sa kawalan ng kakayahan ng mamuhay sa lungsod.

# Pagbabagong 3 - Saan tayo titira?

Pagtukoy ng mga  possibilidad kung saan magaganap ang ating pakikipag-ugnayan.

**1) Tagapagpahiwatig: Remote Lahat**

Ang paglipat sa paggamit ng online platform para sa trabaho, pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, at pagbenta ng tingi ay manganga-ilangan  ng tamang laki ng lugar sa  mga tanggapan, ospital, paaralan, at tindahan. Tataas ang pangangailangan ng sapat na 5G network infrastructure sa paglipat na ito.

**2) Tagapagpahiwatig:**
**Suliraning Dulot ng Pagdami ng Tao sa Isang Lugar**

Ang pagtatalo sa pagitan ng mga taong pabor sa pagdami ng tao at mga tutol dito ay nagpatuloy at nagiging mas kumplikado tungkol sa kapaligiran at pagkalat ng nakakahawang sakit.

**3) Tagapagpahiwatig: Uri ng Pabahay**

Ang paghanap ng tamang bahay at mga uri ng transportasyon para sa tumatandang populasyon ay magiging kritikal, at ang pagnanais ng marami na magpatuloy na manirahan sa iisang lugar ay mangangailangan ng mas malawak na pamamahagi ng pabahay. Ang imigrasyon ay magdadala ng mataas na bilang ng mga batang pamilya, na ang ilan sa mga ito ay magiging migrante base sa klima at pang-ekonomiya, na naghahanap ng abot-kayang pagpipilian.

**4) Tagapagpahiwatig: Koneksyon ng mga Rehiyon**

Ang magkakasamang pagkukusa ng mga siyudad/ lungsod  sa kanlurang rehiyon ng Hilagang Amerika (kilala rin bilang Cascadia), mula sa pagsisiyasat sa mabilis na riles hanggang sa paghahanda sa lindol, ay binibigyang diin ang pagkakaugnay ng heograpiya at parehong kultura ng lugar, kahit lampas na ng hangganan. Maaaring bigyang-diin din ang mga pang-internasyonal na ugnayan sa Pacific Rim.

# Pagbabagong 4 - Paano gagana ang mga bagay?

Sinisiyasat ang mga sistematikong pagbabago sa lungsod.

**1) Tagapagpahiwatig: Mga Smart City**

Ang ***panghuhula batay sa masinop na pagsusuri (predictive analytics)*** ay may kakayahang makilala ang hindi nasabing mga bagay bago pa man maganap ang pagsisiwalat. Ang resulta, nakatira tayo sa isang mundo ng parehong sistematiko at boluntaryong pagsubaybay. Napakalaking dami ng impormasyon o data sa mga lungsod upang mahusay na subaybayan at gabayan ang mga may pakinabang na pag-uugali, ngunit may kapalit na pagkawala ng malayang demokratikong pangangailangan.

**2) Tagapagpahiwatig: Mga Supply Chain**

Ang mga kahinaan sa ating pandaigdigang supply chain ay lumalabas sa panahon ng isang krisis, maging ang kagipitang  pangkalusugan, sakuna sa kapaligiran, pagbagsak ng pananalapi o armadong labanan. Ang paniwala ng relokasyon ng mga kritikal na kalakal at serbisyo ay binabaligtad ang mga mahahalagang pangangailangan ng negosyo na makabuo nang mahusay at mabisang pang gastos.  Ang produksyong digital ay magbibigay ng mataas na pangangailangan na panustos ng mga kalakal.

**3) Tagapagpahiwatig: Transportasyon at Imprastraktura**

Ang paggalaw ng mga tao at kalakal sa lungsod at buong mundo ay nangangailangan ng makabagong teknolohiya at pag-ukol ng kapital para sa mga imprastraktura ayon sa bagong pangangailangan at ugali. Para manatili ang mga hakbang, nangangailangan ng pagpapalakas upang makamit ang pagiging "carbon-neutral" o hindi paggamit ng uling at langis. Ang mga kotse, trak at panghatid-sasakyan na walang nagmamaneho ay magpapalubha lalo ng pagkilos sa mga lungsod na nahihirapan nang pamahalaan ang mga multi-modal sa transportasyon at pampubliko pribadong  pangunahing elemento ng network sa transportasyon.

**4) Tagapagpahiwatig: Basura**

Ang ambisyon ng Vancouver na bumuo ng isang Walang-Basurang (Zero-Waste) pamayanan, upang pahalagahan ang mga likas na kayamanan , at upang suportahan ang isang ***umiikot-pabilog na ekonomiya (circular economy)*** sa 2040 ay nangangailangan ng malakas at patuloy na pangako habang ang ekonomiyang ligalig at pagbabagong galaw batay sa pagkatakot ay nakakapagbabago ng mga patakaran.

# Pagbabagong 5 - Paano magbabago ang lipunan?

Sinisiyasat ang mga malalaking hamon na maaari nating sama-samang maranasan.

**1) Tagapagpahiwatig: Bagong Ekonomiya**

Sa kasalukuyang pandemya, bumibilis ang mga kasalukuyang kalakaran kasabay ng malawakang pagkawala ng trabaho at paglabas ng pondong-panlaban ng gobyerno para sa pandemya. May pag-aalala na ang isang mahinang pagbangong pang-ekonomiya ay maaaring magdulot ng depresyon o lubhang pagbagsak ng ekonomiya sa mga susunod na dekada.

**2) Tagapagpahiwatig: Pamamahala**

Ang teknolohiya ay may kakayahang lumikha ng mas abot-kamay at may pananagutang mga organisasyon na gamit ang pag-sasala o pag-sensor ng impormasyon o data, pag-talunton ng blockchain, pati na rin ang pagsubaybay sa social media. Ang mga participatory governance models na hindi lang limitado sa malayang pagbigay ng impormasyon para sumaklaw sa pakikipagtulungan ng pamahalaan at mga tao sa paggawa ng desisyon ay pinapalakas at tinatanggap na sa ibang mga lugar.

**3) Tagapagpahiwatig: Kaligtasan at Seguridad**

Ang pag-aklas ng mga mamayan sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay lumalawak pandaigdigan dahil sa hindi pagkakapantay-pantay ng kinikita, katiwalian, at kawalan ng aksyon sa suliranin ng pagbabago sa klima na mahihirap tiisin, kasama ang mapapanganib na mga demonstrasyong sa lansangan na nangyayari kasama ng mapayapang kilusan. Ang pang-aabusong berbal at pisikal na pag-atake sa mga taong may kulay ay bahagi ng isang rasistang retorika na bumibiktima sa mga hindi puting tao, na pinapalakas pa ng ilang mga pinuno. Ang mga refugee at migranteng manggagawa ay nasa partikular na panganib.

**4) Tagapagpahiwatig: Panganib sa Klima**

Isang pandaigdigang panawagan para sa ***Green Stimulus*** na ibangon ang mga ekonomiya pagkatapos ng pandemya ay isinusulong ng mga tagapagtanggol ng kalikasan, lider ng paggawa at negosyo, at magkakaroon ng pangmatagalang implikasyon. Ang mga importanteng pamumuhunan sa berdeng imprastraktura at pagpapalawak ng mga trabahong may maayos na suweldo sa mga nauugnay na industriya ay humahantong sa mga pagkakataon upang mapalakas ang pagbabago at mapabilis ang de-carbonisation.

# Talaan ng mga Konsepto

***Umiikot-Pabilog na Ekonomiya (Circular Economy)***

Isang alternatibo sa tradisyunal na diretsong "gawa-gamit-tapon" na modelong pang-ekonomiya na sa halip patagalin ang mga mapagkukunang kagamitan para magamit muli hanggat maaring gamitin, pakinabangan ang kanilang halaga, upang makabawi at lumago muli ang ating sistemang pang-kalikasan.

***Kagipitan sa Pagkain***

Kawalan ng kakayahang makakuha ng sapat na dami ng abot-kaya at masustansyang pagkain.

***Pagtanaw-suri sa Kinabukasan***

Isang paraan ng paghahanda para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga potensyal na kahaliling sitwasyon at pag-aaral ng mga posibleng epekto at kawalan ng katiyakan na maaaring lumitaw kung mangyari ang mga sitwasyong iyon.

***Luntiang Panghalina (Green Stimulus)***

Isang pakete ng mga programa at panukalang pangkalikasan at -pang-ekonomiya mula sa pamahalaan.

***Panghuhula batay sa Masinop na Pagsusuri***

Maaring kabilang ang mga teknikal na paraan tulad ng pagsusuri ng istatistika, pagmomodelo, o pangangalap ng data, at higit pa, upang pag-aralan ang kasalukuyan o makasaysayang mga katotohanan upang makagawa ng mga  hula at palagay tungkol sa hinaharap.

***Pagpaplano Batay sa Pagtanaw-suri sa Kinabukasan***

- Isang proseso upang matiyak ang mga posibleng kinabukasan sa pamamagitan ng detalyadong pag-aaral at pagsusuri ng mga uso at kilalang mga taga-tulak ng pagbabago na maaaring ihambing at pag-aralan.
- Isang paraan upang masuri ang mga panganib, hanapin ang mga pagkakataon, at bumuo ng isang pinagsanib na pananaw para sa hinaharap ng lungsod.

***Siyasatin ang Kinabukasan***

Pagbibigay linaw at pag-asa sa sumisibol at hindi gaanong tiyak na mga senyales ng pagbabago na maaaring may malaking implikasyon sa paglipas ng panahon.